{Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag nakapagdasal siya noon sa madaling-araw ay umuupo sa dasalan niya hanggang sa sumikat ang araw nang maigi

Ayon kay Jābir bin Samurah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), kapag nakapagdasal siya noon sa madaling-araw ay umuupo sa dasalan niya hanggang sa sumikat ang araw nang maigi. Hindi siya noon tumatayo mula sa dasalan niya na pinagdasalan niya ng dasal sa madaling-araw o sa umaga hanggang sa sumikat ang araw. Kapag nakasikat ang araw, tumatayo siya at nag-uusap sila. Nagsisimula sila sa usapin ng Panahon ng Kamangmangan saka tumatawa sila at ngumingiti naman siya.}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Bahagi ng Sunnah ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na siya, kapag nakapagdasal siya sa madaling-araw, ay umuupo sa dasalan niya hanggang sa sumikat ang araw nang mataas. Hindi siya noon tumatayo mula sa dasalan niya na pinagdasalan niya ng dasal sa madaling-araw hanggang sa sumikat ang araw. Kapag nakasikat ang araw, tumatayo siya at nag-uusap sila. Nagsisimula sila sa pagbanggit ng ilan sa usapin nila bago ng Islām habang siya naman ay nanahimik saka tumatawa sila at marahil ngumingiti naman siya kasama nila.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65411